Mensahe Apat

## Paghahalo at ang Realidad ng Katawan ni Kristo

Babasahin sa Kasulatan: 1 Cor. 1:2; 10:17a; 12:12-13; Juan 12:24, 27; Fil. 3:10; Efe. 4:20-21

**I. "[Pinaghalo] ng Diyos ang Katawan"—1 Cor. 12:24:**

A. Ang paghahalo ay hindi lamang mataas at malalim bagkus gayundin ay napakahiwaga—b. 24.

B. Ang salitang pinaghalo ay nangangahulugang "iwinasto," "itinugma," "inilapat," at "pinagsama," nagpapahiwatig ng pagkawala ng mga pagkakakilanlan.

C. Ang paghahalo ay nangangahulagang dapat tayong palaging huminto upang makipagsalamuha sa iba—Gawa 2:42; 1 Cor. 1:9; 1 Juan 1:3, 7.

D. Hindi tayo dapat gumawa ng anumang bagay nang hindi nakikipagsalamuha sa ibang mga banal na nakikipagkoordina sa atin, dahil iwinawasto tayo, itinutugma tayo, inilalapat tayo, at pinagsasama tayo ng pagsasalamuha—b. 7.

E. Ang maihalo ay nangangahulugan na nahihipo tayo ng iba at na hinihipo natin ang iba sa pamamagitan ng pagdaan sa krus, paggawa ng mga bagay sa pamamagitan ng Espiritu, at paggawa ng lahat ng bagay upang ipamahagi si Kristo para sa kapakanan ng Kanyang Katawan—Mat. 10:38; 16:24; Gal. 3:2; Efe. 4:12.

F. Ang paghahalo ay hindi panlipunan kundi ang paghahalo ng Kristo na nararanasan, natatamasa, at nababahagi ng mga indibidwal na sangkap, ng mga distrito ng ekklesia, ng mga kamangagawa, at ng mga matanda—Roma 16:1-16.

G. Upang mapanatili ang namumukod-tanging kaisahan ng pansansinukob na Katawan ni Kristo, kailangan nating mapaghalo—1 Cor. 12:24.

H. Kinakailangan ang paghahalo para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Roma 16:1-16; 1 Cor. 12:20-21, 24; Col. 4:16.

**II. Inilalarawan at inihahayag sa Juan 12:24 at 1 Corinto 10:17a ang pangangailangan at ang kahulugan ng paghahalo:**

A. Binabanggit sa Juan 12:24 ang hinggil sa isang butil ng trigo na nahulog sa lupa at namatay at nagbunga ng maraming butil:

1. Ang *butil ng trigo* ay tumutukoy kay Kristo bilang dibinong binhi upang magbunga ng maraming butil (ang mga taong tumatanggap sa Kanya) upang maging Kanyang maraming sangkap na bumubuo sa Kanyang organikong Katawan—Efe. 1:22-23; 5:30.
2. Si Kristo bilang butil ng trigo ay namatay at nagbunga ng maraming butil sa pagkabuhay na muli—Juan 12:24:
    a. Ang mga butil ay dapat madurog at maihalo sa harina upang makagawa ng isang tinapay, na sumasagisag sa Katawan ni Kristo—1 Cor. 10:17a.
    b. Hindi tayo dapat manatili bilang mga buong trigo; kailangan nating mabasag at madurog tungo sa pinong harina nang sa gayon ay maihalo tayo sa iba upang makagawa ng isang tinapay; ang tinapay na ito ay ang Katawan ni Kristo—12:12-13, 27; Efe. 2:16; 1:22-23.

B. Ang kaisipan ni Pablo tungkol sa ekklesia sa pagiging naihalo tungo sa isang tinapay, isang Katawan (1 Cor. 10:17a), ay hango mula sa sagisag ng handog na pagkain sa Levitico 2:1-16:

1. Ang bawat sangkap ng pinong harina ng handog na pagkain ay inihalo sa langis; ganito ang paghahalo—bb. 4-5.
2. Ang buhay ni Kristo at ang ating pang-indibidwal na buhay-Kristiyano ay nagreresulta sa isang totalidad—ang buhay-ekklesia bilang isang sama-samang handog na pagkain na binubuo ng mga mananampalataya na nabasag, nadurog, at naihalo—bb. 1-2, 4; 1 Cor. 12:12.

**III. Ang layunin ng paghahalo ay ang dalhin tayong lahat tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo—Roma 12:5; 1 Cor. 12:12-13; Efe. 2:16; 4:12; Col. 2:19:**

A. Kailangan nating maging nasa mga ekklesia-lokal bilang pamamaraan upang madala tungo sa realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:2; 12:27.

B. Ang pinakamataas na rurok ng pagbabawi ng Panginoon na totoo, praktikal, at katunayang nagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos ay ang makapagbunga ang Diyos hindi ng maraming ekklesia-lokal sa isang pisikal na paraan kundi ng isang organikong Katawan upang maging Kanyang organismo—Efe. 1:10, 22:23.

C. Ang mga ekklesia-lokal ay hindi ang gol ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos; ang mga ito ang pamamaraan na kinukuha ng Diyos upang maabot ang gol ng Kanyang ekonomiya—ang pagtatayo ng Katawan ni Kristo—Mat. 16:18; Efe. 4:12, 16:

1. Ang mga ekklesia ay ang pamamaraan upang madala tayo tungo sa Katawan ni Kristo—1 Cor. 1:2; 12:12-13, 27.
2. Ang mga ekklesia ay ang Katawan, subalit maaaring hindi nila taglay ang realidad ng Katawan ni Kristo.

D. Kailangang-kailangan ng Panginoon ang realidad ng Katawan ni Kristo na mahayag sa mga ekklesia-lokal; malibang may substansiyal na kahayagan ng realidad ng Katawan, hindi babalik ang Panginoong Hesus—Efe. 1:22-23; 4:16; 5:27; Apoc. 19:7.

**IV. Ang pinakamataas na rurok sa ekonomiya ng Diyos ay ang realidad ng Katawan ni Kristo—Efe. 1:22-23; 4:16:**

A. Ang kahulugan ng ating paghahalo ay ang realidad ng Katawan ni Kristo—1 Cor. 12:24:

1. Ang realidad na ito ay isang grupo ng tinubos na bayan ng Diyos na ginawang Diyos sa buhay at kalikasan ngunit hindi sa pagka-Diyos—Juan 1:12-13; Roma 8:16; 2 Ped. 1:4.
2. Namumuhay sila ng isang buhay hindi sa pamamagitan ng kanilang sarili kundi sa pamamagitan ng isa pang buhay—ang buhay ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, na pumapasok sa kanila at kinukuha sila bilang Kanyang tirahan, Kanyang pinananahanang lugar—2 Cor. 13:14; Juan 14:23; Efe. 2:21-22.

B. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang sama-samang pamumuhay ng napasakdal na mga Diyos-tao, na mga tunay na tao subalit hindi namumuhay sa pamamagitan ng kanilang buhay kundi sa pamamagitan ng buhay ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, na ang mga katangian ay nahayag sa kanilang mga kagalingan—2 Cor. 13:9, 11; Efe. 4:12; 1 Ped. 5:10; 1 Juan 4:12, 17-18:

1. Ang buhay ng Diyos kalakip ang lahat ng katangian nito ay naipamuhay sa loob ng Diyos-taong si Hesus at nahayag bilang mga kagalingan ng Diyos-taong ito—Efe. 4:20-21.

2. Sa orihinal, ang buhay na ito ay na kay Hesus lamang; ngayon ang buhay na ito ay napararami sa mga mananampalataya na mga natubos at naisilang na muli at mga nagtataglay ng dibinong buhay sa loob nila—1:7; Juan 3:6; Col. 3:4.
3. Ang napasakdal na mga Diyos-tao ay yaong mga gumulang sa pamamagitan ng patuloy na pag-eensayo upang tanggihan ang sarili at mamuhay ng isa pang buhay—ang pagkabuhay na muling buhay ni Kristo—Juan 11:25.

C. Ang realidad ng Katawan ni Kristo ay ang pinaghalong pamumuhay sa walang hanggang pakikipag-isa ng naisilang na muli, natransporma, naiwangis, at naluwalhating mga Diyos-taong may tatlong bahagi sa Tres-unong Diyos sa pagkabuhay na muli ni Kristo—cf. Huk. 9:9; Awit 92:10:

1. Ang paghahalong ito ay isang sama-samang pamumuhay ng pagkawangis sa kamatayan ni Kristo sa kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo—Fil. 3:10.
2. Ang gayong pinaghalong pamumuhay ay nasa pagkabuhay na muli ni Kristo, at ang realidad ng pagkabuhay na muli ay ang Espiritu; ipinamamahagi ng pagkabuhay na muling ito ang napasukdol na Tres-unong Diyos at pinalalaya ang buhay na dumaraig sa kamatayan tungo sa mga mananampalataya—Juan 11:25.
3. Itong sama-sama at pinaghalong pamumuhay ng napasakdal na mga Diyos-tao ay ganap na mapasusukdol sa Bagong Herusalem sa bagong langit at bagong lupa bilang pagpaparami at kahayagan ni Kristo magpasawalang-hanggan—Apoc. 21:1-2, 9-11.
4. Isasara ng sama-samang pamumuhay ng napasakdal na mga Diyos-tao bilang realidad ng Katawan ni Kristo ang kapanahunang ito, ang kapanahunan ng ekklesia, at pababalikin si Kristo upang kunin, angkinin, at pamunuan ang lupa kasama ng mga Diyos-taong ito sa kapanahunan ng kaharian—Awit 24:1-2, 7-10; 72:1-8, 11; Apoc. 1:7; 14:14; 20:4.

*© 2023 Living Stream Ministry*